



Neo Sampoan Loop

TABLETANG BUMUBULA

BAWA'T TABLETA AY MAY TAGLAY NA MENFEGOL 60 MG.

Ang **NEO SAMPOON LOOP** ay isang paraan na ginagamit sa pagpapalano ng pamilya. Ito ay isang uri ng tabletang bumubula. Nagsisimulang bumula ito sa sandaling maipasok sa kaluban o ari ng babae (vagina).


Ang bula ng **NEO SAMPOON LOOP**, taglay ang sangkap na MENFEGOL ay mabilis at mabisang panghadlang at pamuksa sa semilya o punlay (sperms) na nanggagaling sa lalake.

ANG NEO SAMPOON LOOP ay tunay na MABISA, kung wasto ang paggamit:


1. Dapat ipasok ang tableta sa kaloob-looban ng kaluban (vagina) na siyang pinaroroonan ng punlay (sperm).
2. Dapat ipasok ang tableta ng mga lima hanggang sampung minuto bago magtalik ang mag-asawa upang matiyak ang pagbula nito bago labasan ang lalake. Habang bumubula may pambihira't kayaayang init ang mararandaman.
3. Kung ang pagtatalik ay tumagal ng higit sa 30 minuto o kaya'y nabalam, kailangang gumamit na ng panibagong tableta.
4. Dapat manatiling nakahiga ang babae upang maiwasan ang paglabas ng natunaw na tabletang **NEO SAMPOON**.
5. Pagkaraan ng pagtatalik huwag kaagad maghuhugas ang babae, Ha-yaang tumalab na mabuti ang panghadlang at pamuksang bisa ng tableta sa punlay (sperm) na lumabas at naipon sa kaluban (vagina).

Ang tabletang *Neo Sampoo* ... ay napakadaling gamitin.


A



B



C



- A. Ipitin lamang ang tableta ng hintuturo at gitnang daliri.
- B. Ipasok ang tableta nang bahagya muna, ialis ang gitnang daliri, at marahang itulak ng hintuturo ang tableta sa kaloob-looban ng kaluban (vagina).
- C. Ipasok ang tableta sa pinakamalalim na maaabot ng daliri sa loob ng kaluban na siyang pinaroroonan ng punlay (sperms).

a 1956

MAHALAGANG PAALA-ALA:

Dapat itago at ingatan ang **NEO SAMPOON LOOP** sa isang tuyong lugar, higpitan ang takip at huwag hahawakan ng basang kamay. Isang patak lamang ng tubig ay maaaring pagsimulan ng pagbula ng mga tableta.

Walang panganib ang paggamit nito at HINDI nagbibigay ng masamang pakiramdam. Maaaring gamiting palagian bilang isang paraan sa pagpapaliban o pag-iwas sa pagdadalang-tao. Ngunit, **HUAG NINYONG LULUNUKIN.** Ito ay gamit para sa kaluban (vagina) lamang.

Ang tabletang **NEO SAMPOON LOOP** ay lubhang ligtas. Ito ay rehistrado sa Food and Drug Administration, Kagawaran ng Kalusugan, bilang pagtupad sa batas R.A. 3720, FDA Registration No. DR-6410-72-5. Ito ay may patente sa Estados Unidos, United Kingdom, Francia at iba pang mga bansa.

Eisai Co., Ltd.

Tokyo, JAPAN

P. O. Box No. 1045 MCC, MAKATI, RIZAL, PHILIPPINES